

1 Tips sa pag-aani

2

3 Ang maagang pag-aani ay nagdudulot ng pagkapulbos ng mga butil at ang
4 huling pag-aani naman ay nagreresulta sa sobrang pagkatuyo kung kaya't
5 nadudurog ang mga butil.

6

7 Payo ni Ginoong Joel Pascual ng Technology management and Services
8 Division ng PhilRice, huwag nang magpatubig 10-14 araw bago mag-ani.

9

10 Mas maganda ang kalidad ng palay at mas mabilis at madali ang pag-aani
11 kung tuyo ang bukid lalo na kung gagamit ng makina.

12

13 Maiiwasan din ang pagkabasa ng mga butil at mas mababa ang halumigmig
14 kung tuyo ang bukid bago umani.

15

16 Igsian lamang ang putol sa inaaning palay kung de-makinang panggiik ang
17 gagamitin at habaan naman kung hampasan.

18

19

20 Iwasang iwanan sa bukid ang palay ng matagal upang di masobrahan ang
21 pagkatuyo ng palay na nasa ibabaw ng bunton.

22

23 Giikin ang palay 1 araw pagkaani para sa tag-ulan at hanggang 2 araw naman
24 kung tag-araw.

25

26 Samantala, sa mga palay na panandaliang nalubog, anihin ang maaari pang
27 anihin. Iladlad ang mga uhay upang matuyo at giikin kaagad. Maaari ring
28 bigkisin ang mga uhay at ibitin nang patiwariik sa sampayan hanggang
29 matuyo.

30

31 Sa mga palay na nalubog at nababad na ng 1 o 2 araw, patuyuin agad ang
32 mga ito. Karaniwang palatandaan na nagsisimula na itong mabulok ay ang
33 maasim na amoy dulot ng bakteryang at amag na kumapit sa mga ito.

34 Sa mga nagiik na palay na nabasa ng panandalian, patuyuin kaagad sa loob
35 ng 24 oras.

36

37 Ang mabilisang pagpapatuyo ng mga nabasang palay o binhi ay dapat
38 isagawa kaagad gamit ang mechanical dryer. Magtanong sa inyong lokal na
39 pamahalaan kung saan ito matatagpuan. Ayon sa pag-aaral ng DA-PhilRice,
40 mas kikita ang mga magsasaka o magbibinhi kung gagamit ng flatbed dryer
41 at ibebenta ng tuyo ang palay kaysa ibenta ito ng basa o sariwa.

42

43 Kung ang butil ay nagsingitim na ay ipinapayong bigasin na lamang ito bilang
44 pangkaen.



PHILIPPINE RICE RESEARCH INSTITUTE

PHILRICE CENTRAL EXPERIMENT STATION

- 45 Para sa karagdagang impormasyon, magtext o tumawag sa PhilRice text
46 center bilang 0920 911 1398.

Clean, Green, Practical, and Smart Rice Farming Systems for Competitiveness, Sustainability, and Resilience (Clean GPS for CSR)



PhilRice Central Experiment Station, Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija, Philippines | Email: prri.mail@philrice.gov.ph
| Trunkline: (044) 456-0277 | Telefax: (044) 456-0112, 0648 | PhilRice Text Center: +63 920-911-1398 | Website: www.philrice.gov.ph
| www.pinoyrkb.com | Liaison Office: 3rd Flr. ATI Bldg., Elliptical Road, Diliman, Quezon City | Tel: (02) 920-5129 | Mobile: 0920-906-9052

